## Kabataang Pilipino: Mga Tools sa Paglago

### I. DASAL POWER

Ang tool o kasangkapan by definition ay anumang instrument o simpleng kagamitan na hawak mo sa iyong mga kamay at ginagamit sa paggawa ng isang particular na uri ng trabaho gaya ng martilyo, kutsilyo at iba pa. Ito rin ay nangangahulugan na anumang bagay na ginagamit mo sa isang particular na layunin ang isang particular na tool. Sa araling ito ay gagamitin natin ang huling kahulugan.

Ang layunin ng Diyos sa buhay mo ay maisakatuparan ang mga mabubuting gawa na Kanyang hinanda na iyong lalakaran. Ito rin ang dapat na maging hangarin ng iyong puso. Ano man ang piliin mong propesyon sa buhay at kahit nasaang dako ka man ng bansa o mundo ay patuloy mong maisapamuhay ang Kanyang kalooban sa iyo. Ang mga tools na binabanggit sa araling ito ay kakailanganin mo upang ikaw ay lumago at maging matatag, upang maisakatuparan mo ang kalooban ng Diyos sa iyong buhay.

Ang unang tool na kailangan ng isang kabataang tulad mo ay ang pagdadasal. Mababasa sa 1 Tesalonica 5:17 ito, *Palagi kayong manalagin*. Ang pagdadasal o pananalangin ay isang napakahalagang bahagi ng iyong buhay na dapat ginagawa sa umaga, tanghalil at hanggang gabi; pagkagising, bago kumain, bago matulog.

**TIME OUT**

Gaano kadalas dapat ginagawa ang pagdadasal? Bakit?

______________________________________________

______________________________________________

Kanino ka nagdadasal?

______________________________________________

**PAG-ARALAN:**

Basahin ang mga talata at sagutin ang mga tanong.




**Mateo 6:5-6**

"Kapag nananalangin kayo, huwag kayong tumulad sa mga mapagkunwari. Mahilig silang manalanging nakatayo sa mga sinagoga at sa mga kanto upang makita ng mga tao. Tandaan ninyo: tinanggap na nila ang kanilang gantimpala. Ngunit kapag mananalangin ka, pumasok ka sa iyong silid at isara mo ang pinto. Saka ka manalangin sa iyong Ama na hindi mo nakikita, at ang iyong Ama na nakakakita ng ginagawa mo nang lihim ang siyang magbibigay sa iyo ng gantimpala.

*“And when you pray, you must not be like the hypocrites. For they love to stand and pray in the synagogues and at the street corners, that they may be seen by others. Truly, I say to you, they have received their reward. But when you pray, go into your room and shut the door and pray to your Father who is in secret. And your Father who sees in secret will reward you.”*

**Mateo 6: 7-8**

“Sa pananalangin ninyo'y huwag kayong gagamit ng maraming salitang walang kabuluhan, gaya ng ginagawa ng mga Hentil. Ang akala nila'y papakinggan sila ng Diyos dahil sa haba ng kanilang sinasabi. Huwag ninyo silang tutularan. Alam na ng inyong Ama na nasa langit ang inyong kailangan bago pa ninyo ito hingin sa kanya.

*“And when you pray, do not heap up empty phrases as the Gentiles do, for they think that they will be heard for their many words. Do not be like them, for your Father knows what you need before you ask him.*

**Mateo 6: 9-13**

Ganito kayo mananalangin,
‘Ama naming nasa langit, sambahin nawa ang iyong pangalan.
Dumating nawa ang iyong kaharian.  Masunod nawa ang iyong kalooban dito sa lupa tulad ng sa langit.
Bigyan mo kami ng aming pagkain sa araw-araw; at patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, tulad ng pagpapatawad namin sa mga nagkakasala sa amin.
At huwag mo kaming hayaang matukso, kundi iligtas mo kami sa masama! [Sapagkat iyo ang kaharian, at ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, magpakailanman! Amen.]

*Pray then like this:*
*“Our Father in heaven, hallowed be your name.*
*Your kingdom come, your will be done, on earth as it is in heaven.*
*Give us this day our daily bread, and forgive us our debts, as we also have forgiven our debtors.*
*And lead us not into temptation, but deliver us from evil.*

**Filipos 4:6**

Huwag kayong mabalisa tungkol sa anumang bagay. Sa halip, hingin ninyo sa Diyos ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ng panalanging may pasasalamat.

*Do not be anxious about anything, but in everything by prayer and supplication with thanksgiving let your requests be made known to God.*

1. Ano ang tinuturo sa iyo ng Mateo 6:5-6 sa tuwing ikaw ay nagdadasal?

_______________________________________________

2. Ano ang tinuturo sa iyo ng Mateo 6:7-8 sa tuwing ikaw ay nagdadasal?

_______________________________________________

3. Kanino dapat tayo nananalangin ayon sa Mateo 6:9-13?

______________________________________________________________________

4. Ayon sa Mateo 6:9-13, kaninong kalooban ang hinihiling mo na matupad sa tuwing magdadasal ka?

______________________________________________________________________

5. Ayon sa Mateo 6:9-13, ano ang nilalaman ng iyong hiling sa iyong dasal?

______________________________________________________________________

6. Ayon sa Filipos 4:6, ano ang dapat na kalakip ng iyong panalangin?

______________________________________________________________________

**PAG-USAPAN:**

Sa mga talatang nabasa, itinuro ni Jesu Cristo ang isang pattern ng panalangin na masusundan at mapapalago mo habang tumatagal ka sa panalangin, at ito ay maging bahagi na ng iyong buhay.

Pansinin ang mga sumusunod:

1. *Ama naming nasa langit*

   Sa Diyos Ama ka manalangin. Ang Diyos ang lumikha ng lahat. Ang ilan sa Kanyang mga katangian ay makapangyarihan, mapagpala, soberano, maawain, mabuti, at mapagpatawad. Siya ang Diyos na buhay, kaya Siya lamang ang karapat-dapat na lapitan sa panalangin.

   May iba ka pa bang nilalapitan sa tuwing ikaw ay nagdadasal? Kung oo, sa anong dahilan at ginagawa mo ito?

2. *Sambahin nawa ang iyong pangalan.*

   Ang panalangin ay isang paraan ng pagsamba. Sa pagsamba, binibigyang puri natin ang Diyos sa Kanyang mga kamangha-manghang katangian at mga gawa.

   Bukod sa mga katangian ng Diyos na nabanggit sa number 1, ano pang mga katangian Niya ang alam mo?

3. *Dumating nawa ang iyong kaharian. Masunod nawa ang iyong kalooban dito sa lupa tulad ng sa langit.*

   Sa iyong pagdarasal, hilingin mo ang katuparan ng kalooban ng Diyos para sa iyong buhay at sa mundo (ibang mga tao). Dahil dito, dapat mong alamin ang Kanyang kalooban para sa iyo. Ito ay isang paraan upang mapaalalahanan mo ang iyong sarili na labanan ang pang-sarili mong kalooban.

   Alam mo ba ang kalooban ng Diyos sa iyong buhay? Anong halimbawa ang mabibigay mo dito?

4. *Bigyan mo kami ng aming pagkain sa araw-araw.*

   Hilingin mo ang iyong mga pangangailangan, gaya ng pagkain at iba pa. Tandaan mo na ang hinihiling mo sa Diyos ay mga pangangailangan at hindi ang kagustuhan lang (needs vs wants). Dapat na matutuhan mong tukuyin ang bagay na kailangan at gusto lang.

   Magbigay ng halimbawa ng mga bagay na hinihiling mo sa Diyos.

5. *Patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, tulad ng pagpapatawad namin sa mga nagkakasala sa amin.*

   Kasama sa iyong dasal ang paghingi ng tawad sa iyong mga kasalanan. Ang kasalanan ay nagiging hadlang sa ating mga panalangin. Nararapat lamang na iladlad natin ang ating puso't damdamin sa Diyos at ihingi ng tawad ang ating mga pagkakasala.

   Sa bahaging ito, ikaw ay pinapaalalahanan sa iyong responsibilidad na magpatawad sa mga nagkakasala sa iyo na humihingi man o hindi ng paumanhin.

   Gaano ka kadalas humingi ng tawad sa Diyos sa iyong mga pagkakasala?

   Sa iyong palagay, araw-araw ka ba dapat na humihingi ng tawad sa iyong kasalanan sa Diyos? Bakit?

Ang pagdadasal ay isang pribelehiyo na mayroon ang bawat isa upang makipagusap sa Diyos. Sa pamamagitan nito ay nakakapag-bigay puri ka sa Diyos, nakakapagpasalamat sa Kanyang kabutihan sa iyong buhay at gayon din sa mga challenges na iyong kinakaharap. Pagkakataon din ito upang ikaw ay humingi ng tulong, gabay at talino sa araw-araw na iyong ginagawa. Higit sa lahat ay pagkakataon mo rin na makahingi ng tawad sa lahat ng kasalanan na nagagawa mo araw-araw.

Ang constant communication mo sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin ang isang paraan upang lumago ang iyong relasyon sa Kanya. At habang lumalago ito, mas makikilala, mas mamahalin at mas pipiliin mo na sundin ang Kanyang salita.

**PAGBULAY-BULAYAN:**

1. Ang lahat ba ng iyong hinihiling sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin ay pinagkakaloob Niya sa iyo? Kung ang iyong sagot ay hindi, bakit kaya?

   ______________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________

2. Mababasa sa 1Timoteo 2:5 ito, Sapagkat iisa ang Diyos at iisa ang tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus.

   Sino ang tagapamagitan ng Diyos at mga tao? ______________________________

   Sa tuwing ikaw ay mananalangin, sino ang iyong tagapamagitan sa Diyos? ____________

| | |
|---|---|
| Natutunan ko na | mahalaga ang pananalangin sapagkat: |

**Verse of the Day:**

Huwag kayong mabalisa tungkol sa anumang bagay. Sa halip, hingin ninyo sa Diyos ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ng panalanging may pasasalamat. **Filipos 4:6**